



## Mahal Mo Ba Ako?



(Pambungad na Panalangin)

### I. ANG TATLONG PAGBASA

**UNANG PAGBASA** (Gw 5:27-32, 40b-41)

<sup>27</sup>Noong mga araw na iyon: Ang mga Apostol ay siniyasat ng pinakapunong saserdote.

<sup>28</sup>“Mahigpit naming ipinagbawal sa inyo ang pangangaral sa pangalan ng Hesus na iyan,” wika niya, “nguni’t tingnan ninyo ang inyong ginawa! Laganap na sa Jerusalem ang inyong aral at ibig pa ninyo kaming panagutin sa pagkamatay ng taong iyan!” <sup>29</sup>Nguni’t sumagot si Pedro at ang ibang mga apostol, <sup>30</sup>“Ang Diyos ang dapat naming sundin, hindi ang tao. <sup>31</sup>Ang Diyos ng ating mga ninuno ang muling bumuhay kay Hesus na pinatay ninyo nang inyong ipabitay sa krus. Iniakyat siya ng Diyos sa kanyang kanan bilang Tagapanguna at Tagapagligtas, upang bigyan ng pagkakataon ang mga Israelita na magsisi’t tumalikod sa kanilang mga kasalanan, at sa gayon, sila’y patawarin. <sup>32</sup>**Saksi kami sa**

mga bagay na ito—kami at ang Espiritu Santo na ipinagkaloob ng Diyos sa mga tumatalima sa kanya.” <sup>34</sup>Pagkatapos pagbawalang mangaral sa pangalan ni Hesus ang mga apostol, sila’y pinalaya. <sup>41</sup>Galak na galak na umalis ang mga apostol sa harap ng Sanedrin sapagka’t minarapat ng Diyos na sila’y malagay sa kahihiyang alang-alang sa pangalan ni Hesus.

Tema : **Pagiging Saksi**

### PAGPAPALIWANAG

- Ang Unang Pagbasa ang mismong nagpapaliwanag sa kung ano ang tunay na pakahulugan nito upang maipalam ito sa bawat tao at maipakita ang kahihinatnan nito.
- Bb.27-28. Ang mga bersikulong ito ay nagpapaliwanag tungkol sa pagbabawal sa mga tao lalo na sa mga apostol na maging saksi (pagtuturo sa pangalan ni Hesus, at sa pagpapanagot sa mga responsable sa kanyang kamatayan).
- Ang b.29 ay naglalahad ng matatag na paninindigan

ni Pedro at mga apostol: “Sa Diyos kami karapat-dapat na sumunod at hindi sa tao.” Sapagkat para sa mga apostol, ang Diyos ang kanilang Tagapanguna at hindi ang pinakapunong pari at Sanedrin o kung sinuman.

- Isinasaad sa b. 30 ang *kerygma* ( naglalaman ng mga turo at pangaral ng mga apostol ), b.31 na nakatuon sa kanyang muling pagkabuhay = iniakyat siya ng Diyos sa kanyang kanan bilang Tagapanguna at Tagapagligtas.
- Dito sa b. 31 ay ipinakita sa atin ang pakay ng Diyos kung bakit muling binuhay niya ang kanyang anak na si Hesus sa kamatayan: ito ay upang bigyan ang mga Israelita ng pagkakataong magsisi at tumalikod sa kasalanan.
- Ang bb.40-41 (maging ang b.27) ay nagpapakita ng kung ano ang kahihinatnan ng mga sumasaksi: pag-uusig, pagbabawal, dagdag na pagsasaksi, panghahagupit, at kagalakan.

### SALMONG TUGUNAN (Slm 30:2, 4, 5-6, 11-12, 13) PINUPURI KITA, PANGINOON, SAPAGKAT AKO AY IYONG INILIGTAS.

#### IKALAWANG PAGBASA (Pag 5: 11-14)

<sup>11</sup>Akong si Juan ay tuminging muli at narinig ko ang tinig ng libu-libo’t laksa-laksang anghel. Sila’y nakapaligid sa trono, sa apat na nilalang na buhay, at sa matatanda. <sup>12</sup>Umaawit sila ng ganito: **“Ang Korderong pinatay ay karapatdapat na tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan at kalakasan, papuri, paggalang at pagdakila!”** <sup>13</sup>At narinig kong nag-aawitan ang mga nilikhang nasa langit, nasa lupa, nasa ilalim ng lupa, at nasa dagat—lahat ng nilikha sa buong sanlibutan:

“Sa kanya na nakaluklok sa trono, at sa Kordero, sumakanila ang kapurihan at karangalan, kadakilaan at kapangyarihan, magpakailanman!”

<sup>14</sup>Tumugon ang apat na nilalang na buhay: “Amen!” At nagpa-tirapa ang matatanda at nagsisamba.

### Tema: **Ang Korderong Namatay, Ngayo’y Nasa Kapurihan!**

#### PAGPAPALIWANAG

- Maaaring may isang magtatanong kung bakit ang pangalawang pagbabasa ay mula sa Aklat ng Pahayag. Sa kadahilanang ito ang naglalarawan, nagpapakita, at sumisimbolo ng maiigi at tugmang larawan ng pagpupuri sa ating Kristo, sa aspeto ng theolohiya, siya ang ating Kordero.
- Ang konteksto ay liturhiya, pinakamataas na antas sa pagkakaisa.
- Sa b.11, ating bigyang pansin ang mga kasama sa liturhiya: libu-libo at milyun-milyong anghel, mga nangabubuhay na nilalang at mga matatanda (hindi mabilang). Ito ay kanilang pinatibay na si Kristo ay karapat-dapat na tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, atbp ... ( na walang sinumang nilalang ang nakatanggap ng ganoong karangalan ).
- Ang b.13 nagpapakita ng malaking larawan ng pagdiriwang. Sapagkat ngayon, hindi lamang ang mga anghel sa langit bagkus maging ang lahat ng mga nilalang sa lahat ng dako ng mundo. Ang bagong elemento rito ay ang ‘biyaya’ at ang ideya ng walang hanggan (magpakailanman at magpasawalang-hanggan)
- Ang b.74 ay ang tugon para sa walang katulad at kapantay na liturhiya: “Amen.” Ang Dakilang Amen.

#### MABUTING BALITA (Jn 21: 1-19)

<sup>1</sup>NOONG panahong iyon: Muling napakita si Hesus sa mga alagad sa tabi ng Lawa ng Tiberias. Ganito ang pangyayari. <sup>2</sup>Magka-kasama sina Simon Pedro, Tomas na tinaguriang Kambal, Natanael na taga-Cana, Galilea, ang mga anak ni Zebedeo, at dalawa pang alagad.

<sup>3</sup>Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, “Mangingisda ako.” “Sasama kami,” wika nila. Umalis sila at lumulan sa bangka, subali’t walang nahuli nang gabing iyon. <sup>4</sup>Nang magbubukang-liwayway na, tumayo si Hesus sa pampang, subali’t hindi siya nakilala ng mga alagad. <sup>5</sup>Sinabi niya, “Mga anak, mayroon ba kayong huli?” “Wala po,” tugon nila. <sup>6</sup>“Ihulog ninyo ang lambat sa gawing kanan ng bangka at makahuhuli kayo,” sabi ni Hesus. Inihulog nga nila ang lambat at hindi nila ito mahila sa dami ng huli. <sup>7</sup>Sinabi kay Pedro ng alagad na minamahal ni Hesus, “Ang Panginoon iyon!” Nang marinig ito ni Simon Pedro, siya’y nagsuot ng damit sapagka’t hubad siya at tumalon sa tubig. <sup>8</sup>Ang kasama niyang mga alagad ay sumapit sa pampang, sakay ng munting bangka, hila-hila ang lambat na puno ng isda. Hindi sila gaanong kalayuan sa pampang—mga siyam-napung metro lamang. <sup>9</sup>Pag-ahon nila sa pampang ay nakakita sila roon ng mga baga na may isdang nakaihaw, at ilang tinapay. <sup>10</sup>“Magdala kayo rito ng ilang isdang nahuli ninyo,” sabi ni Hesus. <sup>11</sup>Kaya’t sumampa sa bangka si Simon Pedro at hinila sa pampang ang lambat na puno ng malalaking isda—sandaan at limampu’t tatlong lahat. Hindi napunit ang lambat, kahit ganoon karami ang isda. <sup>12</sup>“Halikayo at mag-almusal tayo,” sabi ni Hesus. Isa man sa mga alagad ay walang nangahas magtanong sa kanya kung sino siya, sapagka’t alam nila na siya ang Panginoon. <sup>13</sup>Lumapit si Hesus, kinuha ang tinapay at ibinigay sa kanila, gayon din ang isda.

<sup>14</sup>Ito ang ikatlong pagpapakita ni Hesus sa mga alagad pagkatapos na siya’y muling mabuhay.

<sup>15</sup>Pagkakain nila, tinanong ni Hesus si Simon Pedro, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako nang higit kaysa mga ito?” “Opo, Panginoon, nalalaman ninyong iniibig ko

kayo,” tugon niya. Sinabi sa kanya ni Hesus, “Pakanin mo ang aking mga batang tupa.”

<sup>16</sup>Muli siyang tinanong ni Hesus, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?” Sumagot si Pedro, “Opo, Panginoon, nalalaman ninyong iniibig ko kayo.” Ani Hesus, “Pangalagaan mo ang aking mga tupa.” <sup>17</sup>Pangatlong ulit na tinanong siya ni Hesus, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?” Nalulungkot si Pedro, sapagkat makatlo siyang tinanong: “Iniibig mo ba ako?” At sumagot siya, “Panginoon, nalalaman po ninyo ang lahat ng bagay; nalalaman ninyong iniibig ko kayo.” Sinabi sa kanya ni Hesus, “Pakanin mo ang aking mga tupa.” <sup>18</sup>Tandaan mo: noong kabataan mo pa, ikaw ang nagbibihis sa iyong sarili at lumalakad ka kung saan mo ibig. Ngunit pagtanda mo, iuunat mo ang iyong mga kamay at iba ang magbibihis sa iyo at dadalhin ka kung saan hindi mo ibig.” Sinabi niya ito upang ipakilala kung paano mamamatay si Pedro at sa gayo’y mapararangalan niya ang Diyos. Pagkatapos, sinabi sa kanya ni Hesus, “Sumunod ka sa akin!”

Tema: **Ang Pagmamahal kay Hesus**

## PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay naglalahad ng lahat tungkol sa mga ginawang himala at pangaral ni Hesus pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay.
- Ang kanyang pagpapakita ay nasa konteksto kung saan nangingisda ang mga apostol.
- Bagaman siya ay gumawa na ng himala (ang himala sa pagkakahuli ng mga maraming isda), si Hesus ay hindi nila kaagad nakilala at napansin. Ngunit si Juan ang nakakilala sa kanya na nag-wika : “Ang Panginoon iyon.” Upang patatagin pa ng lubos ang kanilang pananampalataya sa kanya, si Hesus ang kumain ng agahan kasama nila.
- Pagkatapos niyon, tinanong ni Hesus si Pedro (pinakatanyag na katanungan) “Pedro, mahal mo ba ako?” ng tatlong ulit.
- Ang nagmahal ay umaakay ng iba. Si Pedro

ay ang kinikilalang pinuno ng pangkat. Kaya't sa pagmamahal ni Pedro kay Hesus, naakay ni Hesus si Pedro na pakainin ang kanyang kawan.

- Ang pang-aakay ay pag-aaruga na nagbibigay ng buhay
- Ang bahagi na paulit-ulit na tanungan at sagutan ay nagpapahiwatig na ang pamumuno ay hindi lamang para sa sarili upang mabusog at kumain bagkus ito ay nagsasabi ring magbahagi at magpakain.

## II. PAG-UUGNAY

Ipinahahayag ng Unang Pagbasa ang pagiging matatag na saksi ni Pedro at nang iba pang mga apostol sa muling nabuhay nating Panginoon na si Kristo. Ang Pangalawang Pagbasa naman ay nagpapakita ng pagdiriwang sa kaluwalhatian ng Diyos na buhay. Ayon naman sa Ebanghelyo, ito ay nagsasaad tungkol sa pagdating ng presensya ng ating Panginoon sa kanyang mga apostol at ang kanyang katanungan kay Pedro, "Pedro, mahal mo ba ako?"



## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Sa iyong lugar ba kinagagalawan, paano mo gawin ang makataong pamumuno? (HM)

**Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM**  
*- Isinalin ni Reymarc Salvador*

*(Pangwakas na Panalangin)*

## Mga Bagong Libro ng ST PAULS



### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)